

Piliin mula sa kahon ang tamang sagot na bubuo sa diwa ng pahayag.

conyo	creole	dayalek	etniko	etnolek
gay lingo	idyolek	jargon	jejemon	pansamantala
pormal	pidgin	register	sosyolek	teknikal

1. Si Jaya ay kilala sa kanyang _____, isang natatanging paraan ng pagsasalita.
2. Nakabase sa heograpiya ang _____, gaya ng Waray o Ilokano.
3. Madalas marinig ang _____ sa mga usapan ng LGBTQ+ community.
4. Ang salitang "Jeproks" ay isang halimbawa ng _____ sa mga kabataan.
5. Ang mga taong gumagamit ng halong Ingles at Filipino ay gumagamit ng _____.
6. Wikang _____ ang ginagamit ng mga grupong may iisang kultura't paniniwala.
7. Sa Cordillera, ginagamit ang _____ na galing sa katutubong wika ng lugar.
8. Gumagamit ng _____ ang mga doktor, inhinyero, at abogado sa kanilang propesyon.
9. Isa itong _____ na wika kapag dalawang taong may magkaibang wika ang nag-uusap gamit ng pantawid-komunikasyon.
10. Kapag naging likas na wika ang pidgin, ito ay tinatawag nang _____.
11. Ang _____ ay nakabatay sa edad, antas ng edukasyon, o trabaho ng nagsasalita.
12. Ang wikang _____ ay ginagamit sa mga seremonyang opisyal at dokumentong legal.
13. Kapag ang isang salita ay ginagamit lamang sa isang espesipikong larangan, ito ay _____.
14. Ang pagpili ng _____ ay naaayon sa sitwasyon, kausap, at layunin ng komunikasyon.
15. Sa panahon ng kolonyalismo, naging uso ang _____, na pinaghahalo-halong wika ng mga nanakop at katutubo.